# ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIX Blg. 3
Pebrero 7, 2018
www.philippinerevolution.info


## Mga opensiba, sagot sa terorismo ng estado

SINAGOT NG MGA aksyong militar ng Bagong Hukbong Bayan sa North Cotabato, Kalinga, Quezon at Bukidnon noong ikalawang hati ng Enero ang pagtindi ng terorismong militar ng rehimeng US-Duterte.

**North Cotabato.** Noong Enero 21 ng gabi, sinalakay ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Far South Mindanao (Mt. Alip Subregional Operations Command) ang detatsment ng 39th IB-CAA sa Sityo Garing, Barangay Luayon, Makilala, North Cotabato. Nakasamsam sila ng dalawang M14 at M16, limang *rifle grenades*, sari-saring kalibre ng mga bala at mga gamit-militar. Sinunog din ng mga Pulang mandirigma ang isang bahagi ng kampo.

Nag-alay ng Pulang saludo ang Valentin Palamine Operations Command sa tatlong Pulang mandirigma na sina Raymart Rusiana (Ka Rocky), Roger Labajo Jr. (Ka Reden) at Ka Tomas na namartir sa labanan.

**Bukidnon.** Nagtamo ng 13 patay at anim na sugatan ang 88th IB nang pasabugan ng *command-detonated* na eksplosibo ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng BHB-South Central Bukidnon Subregional Command ang nag-ooperasyong mga sundalo noong Pebrero 6, bandang alas-3 ng hapon sa Sityo Trocat, Barangay Cawayan, Quezon.

**Kalinga.** Dalawang taktikal na opensiba ang isinagawa ng mga Pulang mandirigma ng BHB-

*... sundan sa pahina 3*




EDITORYAL

# Labanan at biguin ang teroristang lagim ng rehimeng US-Duterte

Parang asong ulol si Rodrigo Duterte sa kanyang kaliwa't kanang pang-aatake at pang-aalipusta sa mamamayan matapos mabigo ang kanyang mga alipures na iratsada sa kongreso noong Enero ang pinakahuling pakana ng pekeng pederalismo sa anyo ng *charter change*.

Walang renda ang kanyang bibig sa pagbabanta at pagmumura sa rebolusyonaryong kilusan, mga progresibong organisasyon at indibidwal, kanyang mga kalaban sa pulitika, mga myembro ng midya at mga sektor na lumalaban sa garapal niyang pagmamaniobra para ipwesto ang sarili bilang pasistang diktador at palitawing lehitimo ang itinatayo niyang pasistang diktadura. Desperado si Duterte na gapiin ang mamamayang hindi natitinag ng kanyang pambabraso, pagbabanta at intimidasyon.

Gamit ang mga armadong pwersa at kapangyarihan bilang presidente ng reaksyunaryong estado, pinatitindi ni Duterte ang kanyang teroristang paghahari sa

buong bansa. Matapos niyang atakehin ang kalayaan sa pamamahayag, binantaan naman niya ang nagpuprotestang kabataan para sikilin ang kanilang karapatang magtipon at magpahayag. Ipinatutupad niya ang *crackdown* sa kalunsuran sa sunud-sunod na pagsasampa ng gawa-gawang kaso at tangkang pang-aaresto sa mga aktibista at lider ng mga progresibong organisasyon. Binabraso niya ang kalaban niyang mga pangkatin sa pulitika. Isinuspinde niya ang upisyal ng Ombudsman na nagbunyag sa milyun-milyong nakatagong deposito sa bangko ng kanyang pamilya. Binantaan niyang kakasuhan ang mga husgado na tumangging tumestigo sa kasong *impeachment* laban kay Chief Justice Ma. Lourdes Sereno. Ginagamit niya ang mga isyu ng bayan tulad ng Dengvaxia at Mamasapano para ipitin ang mga upisyal ng nagdaaang rehimen. Sa ngalan ng huwad na kampanya kontra-korapsyon, isa-isa niyang sinisipa sa pwesto ang mga upisyal na itinalaga ng huli.

Sa kanayunan, pinaiiral niya ang hayag na pasistang paghahari. Ginigipit, ikinukulong at ipinapapatay ang mga aktibista sa mga baryo, mga kamag-anak ng mga pinaghihinalaang Pulang mandirigma, at maging ang retirado nang mga rebolusyonaryo para magsabog ng lagim sa hanay ng mga tagasuporta sa kilusan. Daan-daan nang tropa ang itinambak sa mga 'prayoridad na erya' para maglunsad ng mabangis at tuluy-tuloy na mga operasyong militar. Pinalalayas sa kanilang mga komunidad ang mamamayan para limasin ang pinaghihinalaang rebolusyonaryong mga base at ibuyangyang ang mga ito sa pandarambong ng mga dayuhang kumpanya.

Tuluy-tuloy niyang inaatake at sinisiraan ang rebolusyonaryong kilusan. Sa kabila ng umiiral na mga kasunduan, ipinaaresto niya si Rafael Baylosis, konsultant ng National Democratic Front of the Philippines, at pinagbabantaan ang iba pa. Bukambibig niya ang disimpormasyon at pekeng balita na ipinagkakalat ng makinarya ng bayarang mga *troll* ng AFP para palabasing terorista ang PKP at BHB at gamitin itong sangkalan sa pagpataw ng batas militar sa buong bansa. Lalo pa itong titindi ngayong pinagtibay na ng sunud-sunurang mga husgado sa Korte Suprema ang pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao hanggang katapusan ng 2018.

Patuloy na mabibigo ang mga pasistang pakana ni Duterte. Malaon na siyang nabunyag bilang pasistang sinungaling na hayok sa yaman at kapangyarihan. Mismong ang kanyang mga paghahambog at pang-aalipusta ang naghihiwalay sa kanya sa sambayanan.

Sa kaso ng hungkag na pederalismo, mismong ang kanyang pagmamadali at garapal na pagmamaniobra na solohin ang kapangyarihan at palawigin ang termino ng kanyang mga kasapakat ang nagudyok ng pagtutol ng maraming uri at sektor. Lumawak ang pagtutol laban sa *charter change*, mula sa mga konstitusyunalista at mga senador hanggang sa mga estudyante at akademiko at iba pang mga demokratikong sektor. Kasabay nito ang mga protesta laban sa kanyang mga neoliberal na patakaran tulad ng TRAIN na nagpapasirit sa mga presyo ng lahat ng mga bilihin at serbisyo. Dumugtong ito sa mga protesta para sa paggigiit sa iba pang batayang mga serbisyo at kagalingan.

Sa laban ng mamamayan sa *charter change* at iba pang pasistang pakana ng rehimen, lumitaw ang dalawang magkatunggaling kampo—si Duterte at ang kanyang 'supermayorya' ng mga bulok na pulitiko sa isang banda at ang malawak na sambayanang Pilipino sa kabilang banda. Sa gayon, nililoko lamang ni Duterte ang kanyang sarili sa paniniwalang mataas pa ang kanyang popularidad at may kredibilidad pa siya sa mamamayan.

Dapat lamang ilunsad ang malalaki at paparaming kilos-protesta laban sa pinatinding teroristang lagim ni Duterte. Dapat ipunin sa mga protestang ito ang kolektibong galit ng mamamayan sa papet, korap at pahirap na rehimen, at singilin sa

ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 3 | Pebrero 7, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.official

@prwc_info

fb.com/cppinfo

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Labanan at biguin ang teroristang lagim ng rehimeng US-Duterte 1
Mga opensiba ng BHB 1
Pag-aresto kay Baylosis 3
Mga paglabag sa karapatang-tao sa Mindanao 4
*Fake news*, bahagi ng gera ni Duterte 5
Operation Pacific-Eagle Philippines 6
Pagbenta sa soberanya ng bansa 7
Pamilyang Duterte, korap 8
Kurakot at kita sa Dengvaxia 10
Mga atake sa kilusang masa 11
Mga protesta ng mamamayan 13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

papalaking pananagutan nito. Kagyat na wakasan ang batas militar sa Mindanao at biguin ang mga gera ng pangwawasak at pamamaslang. Paalingawngawin ang panawagang ibagsak si Duterte sa mga paaralan, pabrika, palengke, komunidad, baryo at iba pang sentro ng taumbayan.

Ibayo pang palaparin ang alyansang anti-Duterte. Palawakin ang mga inisyatiba ng iba't ibang uri at sektor sa paglulunsad ng mga kampanya at pagkilos para kundehanin ang pagpapahirap ng mga patakaran ng rehimen. Nasa pusisyon ang kilusang kabataan-estudyante para palakasin ang tinig ng kanilang sektor, tulad ng ipinamalas ng kabataan noong Sigwa ng Unang Kwarto.

Ipalaganap ang panawagang ibagsak si Duterte sa ibayong dagat. Mula't sapul, marami nang sektor at organisasyon ang nabahala sa laganap na pamamaslang at panggigipit ng kanyang rehimen. Ipanawagan ang pagkundena sa pagsunud-sunuran niya sa makinaryang pandigma ng imperyalistang hepe na si Donald Trump. Higit pa siyang ihiwalay sa mata ng mamamayan sa buong daigdig.

Higit sa lahat, kailangang ilunsad ng Bagong Hukbong Bayan ang matutunog na taktikal na opensiba na yayanig sa pasistang paghahari ni Duterte. Hindi dapat hayaang maghari-harian ang kanyang mga pasistang tropa sa kanayunan. Dapat harapin ng buong rebolusyonaryong kilusan ang walang awat na mga operasyong militar at biguin ang pangwawasak at pasipikasyon sa mga organisasyong masa at mga sangay ng Partido. Biguin ang kampanya ng *encirclement* ng kaaway sa pamamagitan ng higit pang pagpapalawak at pagpapatatag sa mga larangang gerilya para epektibong makapagmaniobra ang mga yunit ng BHB.

Habang puspusang nilalabanan ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao ang pinag-isang *all-out war* at batas militar, dapat palakasin ng mga yunit ng BHB sa Luzon at Visayas ang mga atake para pwersahin ang AFP na batakin ang sarili. AB

## Pag-aresto kay Baylosis, binatikos ng NDFP

MARIING BINATIKOS NI Luis Jalandoni, kasapi ng Executive Committee ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), ang iligal na pag-aresto ng mga ahente ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) kay Rafael Baylosis, at ipinanawagan ang agarang paglaya nito.

Si Baylosis, isa sa mga konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP ay inaresto ng magkasanib na pwersa ng Criminal Investigation and Detection Group-Philippine National Police at Intelligence Service of the AFP noong hapon ng Enero 31, sa pagitan ng Katipunan Avenue at Aurora Boulevard sa Quezon City. Kabababa pa lamang nila ng traysikel nang damputin siya, at kanyang kasama na si Guillermo Roque, Jr.

Hayagang paglabag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) ang iligal na pang-aaresto, ayon pa kay Jalandoni. May bisa ang JASIG, may negosasyon man o wala.

Ayon kay Atty. Rachel Pastores, *managing counsel* ng Public Interest Law Center (PILC), at abugado ni Baylosis, walang ipinakitang mandamyento de aresto ang mga humuli kina Baylosis na taliwas sa pahayag ng PNP sa midya. Hindi rin sila pinahintulutang makatawag sa kanilang mga abugado, at madalaw ng kanilang pamilya at mga kaibigan.

Si Baylosis, 69 taong gulang at may sakit sa puso, ay nakakulong ngayon sa Camp Crame, Quezon City. AB

*"Mga opensiba"... mula sa pahina 1*

Kalinga (Lejo Cawilan Command o LCC) noong Enero 18 at 24. Bandang alas—6:30 ng umaga ng Enero 18, naglunsad ng operasyong harasment ang isang yunit ng LCC laban sa detatsment ng CAFGU Active Auxiliary sa Barangay Allaguia, Pinukpuk. Sinundan ito ng isang pananambang noong Enero 24, bandang alas-10 ng umaga laban sa nagpapatrulyang tropa ng 50th IB sa Turod Bongod, hangganan ng Barangay Dao-angan, Balbalan at Barangay Baay, sa parehong bayan. Tatlo ang napatay at dalawa ang nasugatan sa panig ng militar.

**Abra.** Bandang tanghali ng Enero 18, nakaengkwentro ng isang platun ng BHB-Abra (Agustin Begnalen Command) ang mga tropa ng 24th IB sa kagubatan ng Pilar, Abra at Santa Maria, Ilocos Sur. Sa mahusay na pagdepensa ng mga Pulang mandirigma, naagaw nila ang inisyatiba at nakasugat ng isang sundalo.

**Quezon.** Noong Enero 15, hindi bababa sa limang sundalo ng 85th IB ang namatay matapos maglunsad ng aktibong depensa ang mga Pulang mandirigma ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command o AMC) laban sa tangkang pagkubkob ng militar sa kanilang kampuhan sa Barangay Jongo, Lopez.

Madaling araw naman ng Enero 16, nagsagawa ng operasyong haras gamit ang riple ang isang yunit ng AMC sa detatsment ng CAFGU sa Sityo Eybol, Barangay San Francisco A, sa parehong bayan.

Samantala sa Bondoc Peninsula, dalawa ang patay habang anim ang sugatan sa tropa ng 85th IB matapos pasabugan ng isa pang yunit ng AMC ang hedkwarters ng Bravo Company sa Barangay Bagupaye, Mulanay noong Enero 19.

Magkasunod na armadong aksyon naman ang inilunsad ng mga Pulang mandirigma noong Enero 26. Nauna rito ang pag-isnayp sa isang elemento ng Regional Public Safety Maneuver Battalion ng PNP sa Barangay Bocboc, Lopez. Sinundan ito ng operasyong haras ng BHB-Quezon sa isang kampo ng CAFGU sa Mataas na Bundok, Barangay del Rosario, Gumaca. AB

# Mga paglabag sa karapatang-tao sa Mindanao, lalong umigting sa ilalim ng *martial law*

Ngayong pinagtibay ng sunud-sunurang Korte Suprema ang ekstensyon ng batas militar sa Mindanao, tiyak na lalo pang titindi ang mga palabag sa karapatang-tao sa mamamayan ng isla. Liban sa hibang na pangarap na gapiin ang rebolusyonaryong kilusan, batid na ng mamamayan ang makasarili, maka-burgesya at maka-US na mga plano ni Presidente Duterte sa buong isla.

Sa isang talumpati nitong Pebrero, walang kakurap-kurap na pinagsabihan ni Duterte ang mga lider-Lumad na umalis na sa kanilang mga lupaing ninuno dahil papapasukin niya ang mga dayuhang mamumuhunan at kanilang mga kasosyo sa sa mga ito. Isisiksik niya ang mga Lumad sa mumurahing pabahay sa mga sentrong bayan, tulad ng ginagawa niya sa mga residente ng Marawi. Ito ay para bigyang daan ang malalawak na plantasyon at dayuhang minahan. Isa sa mga ito ang dati na niyang planong papasukin ang mga komersyal na plantasyon ng *oil palm* sa Paquibato District.

Kasabay nito, laganap ang pagbabanta ni Duterte, katuwang ang kanyang anak na si Sara, laban sa ligal na kilusang masa sa mga prubinsya ng Davao.

Nitong Pebrero 5-8, una nang sinubok ni Sara ang senaryo ng malawakang *crackdown* sa mga pambansa-demokratikong pwersa sa anyo ng *lockdown* at *terror drill* sa Davao City. Kabilang sa mga *drill* ay kunwang mga insidente tulad ng mga pagsabog, sunog, pangho-*hostage* at barilan.

Noon ding nakaraang linggo, pinasinayaan ni Duterte ang bagong kampo militar sa Marawi City para diumano sa "gera kontra-terorismo" nito. Tiyak na gagamitin ng mga tropang Amerikano ang kampong ito bilang isa sa mga base ng Operation Pacific Eagle. Ito ay habang isinisiksik ni Duterte ang mga bakwit ng syudad sa masisikip na parsela ng lupa na tinayuan ng maliliit na temporaryong pabahay. Ilan lamang sa mga residente ang pinayagang pumasok sa syudad para isalba ang kanilang mga ari-arian sa loob ng sampung araw.


Kasabay ng mga hakbang na ito ang matinding pangungutya ni Duterte sa mamamayan sa isla, laluna sa mamamayang Lumad na aniya'y "nagpapagamit" sa rebolusyonaryong kilusan at mga Moro na nagpapadala sa isang "dayuhang ideolohiya."

Matagal nang naghuhuramentado sa pang-aatake sa mamamayan sa Mindanao si Duterte. Noong Disyembre 2017, nakapagtala na nang 123 kaso ng pampulitikang pamamaslang at 58 tangkang pagpaslang ang mga tagapagtanggol sa karapatang-tao sa isla. Animnapu't anim sa mga pagpaslang na ito ay sa panahon ng *martial law*. Nadagdagan na ito ng apat nitong Enero. Pinakamatitingkad sa mga ito ang pagpaslang sa 19-anyos na estudyanteng Lumad na si Obillo Bay-ao, ang masaker sa walong Lumad sa Lake Sebu at tangkang pagpatay sa magkaibigang Janry at Jerry sa Compostela Valley.

Nasa 600,000 indibidwal ang sapilitang pinalayas sa kanilang mga tirahan dulot ng matinding pambobomba at militarisasyon. Sa buong Mindanao, mayroong naitalang 77 insidente ng pagbakwit, karamihan sa ARMM. Nasa 400,000 sa mga ito ay mga residente sa Marawi na hanggang ngayon ay nakatira pa rin sa kanilang mga kamag-anak at mga sentro ng ebakwasyon. Ang 200,000 ay mula sa iba't ibang erya ng mga Moro at Lumad. Nasa 122 komunidad at 179 eskwelahan ang apektado. Umaabot na sa 54 ang naitalang insidente ng pambobomba, o abereyds na isa kada limang araw, sa mga sibilyang komunidad. Karamihan nito ay sa Marawi, kasunod sa Region 12 at Soccsksargen.

Kasabay nito ang maramihang pang-aaresto at pagsasampa ng gawa-gawang kasong kriminal. Umaabot sa 407 indibidwal, kung saan 150 ay magsasaka at 84 ay mga Lumad, ang sinampahan ng mga kasong pagpatay, tangkang pagpatay, *kidnapping* at iba pang kasong hindi pwede pyansahan. Patuloy ding nakabimbin ang 234 detenidong pulitikal, kung saan 33 ay maysakit at matatanda.

Sa kanayunan, laganap ang mga operasyong militar sa ilalim ng *all-out war* ng rehimen. Sa kasalukuyang, hindi bababa sa 64 batalyon ang nasa isla. Apatnapu't isa rito ay nakatutok sa mga erya ng BHB. Kabilang sa mga ito ang bagong-buong mga batalyon na nakahimpil ngayon sa Davao del Norte (88th IB), Bukidnon (89th IB) at Sultan Kudarat (90th IB). May idinagdag ding mga batalyon sa North Cotabato at Davao City na mula sa Luzon. Sa Talaingod, idineploy ang 56th IB, ang batalyong dating pinamunuan ng berdugong si Jovito Palparan na nagsagawa ng kahindik-hindik na mga krimen sa Central Luzon at Southern Tagalog. Dagdag ang hindi bababa sa 15 grupong paramilitar na nakatutok din sa mga erya ng BHB. AB



# "Fake news," bahagi ng todo-gera ni Duterte

Bahagi na ng todo-gera ng rehimeng US-Duterte ang pagsisiwalat ng disimpormasyon kaugnay sa mga labanan sa pagitan ng AFP at BHB para siraan ang rebolusyonaryong kilusan. Ang mga kasinungalingang ito ay ipinalalaganap mismo ni Rodrigo Duterte, kakoro ng AFP at mga bayarang *troll* na nagkakalat ng "fake news" o maling balita sa internet. Gayunpaman, batid ng mamamayan ang tunay na mga pangyayari at hindi sila basta-basta na lamang nadadala ng mga kabulastugan. Kabilang sa pinakahuli nilang "fake news" ang sumusunod:

**Hinggil sa pagpugot diumano ng BHB sa ulo ng isang elemento ng CAFGU**: Pinabulaanan ni Ariel Montero, tagapagsalita ng BHB-Northeastern Mindanao, ang kasinungalingan ni Brig. Gen. Gacal ng 402nd Brigade na mga Pulang mandirigma umano ang nagpugot sa ulo ng isang Lumad sa Sitio Haguimitan, Barangay Castillo, San Miguel, Surigao del Sur noong Enero 27. Inilinaw ni Montero na pakana ito ng AFP upang pagtakpan ang kanilang pagkakasangkot sa insidente.

Si Mar Acebedo Bocales, kasapi ng CAFGU na nakadeploy sa detatsment ng Barangay Los Arcos, Prosperidad, Agusan del Sur, ay pinugutan at pinagtataga ang braso, ng isa pang grupong paramilitar, ang Magahat na pinamumunuan ni Emerson Cuarteron. Ang grupong ito ay nasa ilalim ni Calpit Egua at nangingikil sa mga manggagawa sa mga minahan ng ginto sa Barangay Castillo at Bolhoon, San Miguel. Nag-aagawan sa teritoryong makikikilan ang dalawang grupong paramilitar na ito.

Ang mga myembro ng grupong Magahat, kasama ang 75th IB, ang pangunahing salarin sa pagpaslang sa tatlong lider Lumad sa Han-ayan, Diatagon, Lianga, Surigao del Sur noong Setyembre 1, 2015 at pagpaslang sa lider-magsasaka ng Kapunungan sa mga Mag-uuma sa Surigao del Sur na si Selvestre Maratas sa Barangay Castillo, San Miguel noong Hulyo 2017. Patuloy na malayang ginagamit ng AFP at PNP ang grupong Magahat sa panghaharas at pagpaslang sa mga Lumad.

**Hinggil sa pag-ambus diumano ng BHB sa mga sundalong nagdadala ng *relief*:** Ipinahayag ni Amado Pesante, tagapagsalita ng BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) noong Enero 28 na kasinungalingan ang ibinalita ng 20th IB na inambus diumano ng BHB ang mga sundalong nagsasagawa ng "relief mission" sa Barangay Hinagonoyan, Catubig, Northern Samar noong Disyembre 16, 2017.

Batay sa ulat na natanggap ng RUC mula sa Silvio Pajares Command, ang BHB ay nagsasagawa ng serbisyong medikal sa nasabing baryo bilang tugon sa kahilingan ng mga residente. Marami sa mga magsasaka ang nagkasakit ng trangkaso, ubo at sipon at iba pang karamdaman dala ng masamang panahon dahil sa bagyong Urduja.





Habang nagsasagawa ng serbisyong medikal, sikretong nagkumando ang may 35 elemento ng 20th IB para atakehin ang mga kasapi ng BHB. Napansin agad ito ng mga elemento ng BHB kayat nakamaniobra sila palabas ng baryo kung saan nakapaglunsad sila ng aktibong depensa at nakapatay ng apat na kaaway. Nagpaputok mula sa hedkwarters ng batalyon ang 20th IB ng apat na 105 *howitzer* sa lugar ng labanan kung saan sarili nitong pwersa ang tinamaan. Batay sa ulat ng mga magsasaka sa lugar, umaabot sa anim hanggang siyam na sundalo ang napatay. Ligtas namang nakaatras ang mga kasapi ng BHB.

**Hinggil sa surenderi na myembro diumano ng Anakpawis Partylist at maramihang pagsurender ng mga Pulang mandirigma:** Pinabulaanan naman ng partidong Anakpawis ang sinasabi ng AFP na isa diumanong myembro nila na "sumuko" bilang isang Pulang mandirigma. Ayon sa Anakpawis, hindi nila myembro si Gemma Burgos Quiroga at bagkus, isa siyang impostor na dati nang nasa *payroll* ng militar.

Kasabay nito, kinutya ng BHB ang ipinamamarali ni Duterte na maramihang pagsuko diumano ng mga Pulang mandirigma sa reaksyunaryong gubyerno. Ginagamit ng rehimen ang mga sumuko, peke man o hindi, para palabasing humihina na ang BHB at rebolusyonaryong kilusan. Gayunpaman, hindi kaila sa mamamayan na ang multi-bilyong mga pakana ng pagpapasuko ng AFP, tulad ng Balik Baril at CLIP (Comprehensive Local Integration Program), ay mga huwad na programang ginagawang gatasan ng mga upisyal ng militar. AB

# Operation Pacific Eagle-Philippines: Kapalit ng suporta sa korap at kriminal na paghahari



Nakamit na ng uhaw-sa-kapangyarihan na si Rodrigo Duterte ang isang matayog na lugar sa internasyunal na makinaryang pandigma ni Donald Trump ng US. Nitong Enero, isinapubliko na sa wakas, matapos ang ilang buwang lihim na pagpapatupad nito, ang bagong misyon ng US sa bansa na pinangalanang "Operation Pacific Eagle-Philippines."

"Hinahalinhan" ng misyon ang Operation Enduring Freedom na diumano'y isinara na noong 2014 bagama't noong 2015 lamang lumisan ang mga tropang pang-operasyon nito. Mula Hulyo noong nakaraang taon, sinakyan ng mga senador ng US ang digmang anti-Moro ni Duterte sa Marawi para makapanawagan sa muling pagtatatag ng isang *operating base* at bigyang-katwiran ang pagtipon ng iba't ibang armas, kabilang na ang mga eroplano at *drone*, sa bansa.

Ang batas militar ni Duterte laban sa tinaguriang "ISIS" sa Mindanao ay nagbigay ng napakaangkop na senaryo para sa pagbabalik ng mga tropang US at ng kanilang permanenteng pagbabase sa bansa nang walang pirmadong tratado. Ang pagwawakas niya ng usapang pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines at ang kasunod na pagdeklara sa Partido Komunista ng Pilipinas at ng Bagong Hukbong Bayan bilang mga "teroristang organisasyon" ay lalong nagkumpleto sa entabladong ito.

Noon pa man, direkta ang partisipasyon ng militar ng US sa mga operasyon ng AFP laban sa BHB. Nakadisenyo sa mga manwal pangkontra-insurhensya ng US ang magkakasunod na kampanyang panunupil ng reaksyunaryong estado laban sa rebolusyonaryo at progresibong kilusan. Ang US ang nagpopondo at nag-aarmas ng mga espesyal na yunit ng AFP at PNP na itinatapat sa mga yunit ng BHB.

Ang deklarasyon sa PKP at BHB bilang mga "teroristang organisasyon" ay tuwirang nakaayon sa listahan ng State Department ng *foreign terrorist organizations* (FTO). Nagpalakas ito sa akses ni Duterte sa badyet ng US para sa *overseas contigency operations* (OCO), ang pinalobong pondong "kontra-teror" ng Pentagon. Sa halos dalawang buwan pa lamang na paggana ng Pacific Eagle, nagbuhos na ang US ng P800 milyong pondo para sa mga operasyon nito.

Mula nang maluklok sa pusisyon, inilarawan ni Duterte ang pakikipag-ugnayan nito sa US bilang "pera-pera lang." Nangako siyang bibigyan ang AFP ng mga bagong armas at nakilimos sa China at Russia para sa mga utang na magmomodernisa umano sa kanyang hukbo. Sa "Pacific Eagle-Philippines," makukuha niya ang mga ito at higit pa. Makakamit niya ang tuwirang suporta at pondo mula kay Trump para sa kanyang solong paghahari.

Noong 2017, nagsimula ang OCO ng US sa $42 bilyon sa Pebrero pero lumobo hanggang $65 bilyon sa katapusan ng taon. Para sa 2018, humingi si Trump ng panimulang $64 bilyon para sa programa. Nobyembre noong nakaraang taon, humingi siya ng dagdag na $7 bilyon para sa "missile system and defense enhancements" laban sa North Korea at dagdag pang pondo para sa mga iskemang kontra-ISIS. Sa kabila ito ng pahayag ng US mismo na natatalo na ang mga pwersang ISIS sa Middle East. Papasa lamang para sa OCO, o mas partikular sa "counter-ISIS train and equip program" nito, kung maglalagay ng *forward-deployed* na tropang US "malapit o sa loob ng mga pwersang kombat na suportado nila." Bahagi din ng OCO ang paglalatag ng mga base sa mga lugar kung saan may "banta ng ISIS." Kahit maliit na porsyento lamang ang ilalaan sa Pilipinas mula rito, tiyak na tatabo si Duterte at mga kanyang mga heneral sa pondong ito.

Kasabay nito, binibigyan ng Operation Pacific Eagle-Philippines ang US ng bentahe laban sa China, na tinukoy nito bilang "estratehikong kakumpetensya" sa kalalabas lamang na National Security Strategy (NSS). Ilang taon nang sinisikap ng US na bakuran ang China sa pamamagitan ng pagdeploy sa unahan ng mga tropa at barko, gayundin ang pagtipon ng mga kagamitang pandigma, sa rehiyon. Ito ang nasa likod ng "pihit tungo sa Asia" ng naunang rehimeng Obama.

Sa ilalim ni Trump, patuloy na dinadahilan ng US ang diumano'y banta ng Democratic People's Republic of Korea (DPRK) upang "magdagdag" ng malawakang sistema ng *missile defense* ng US. Kabilang dito ang pagpusisyon ng tatlong X-band

*radar system* at mga sistema ng Terminal High Altitude Area Defense (THAAD) sa rehiyon, maging ang pagbubuo ng 10 bagong barko de gera na may kakayahan sa *anti-ballistic missiles*. Noong 2012, naghanap ng lokasyon ang mga pangdepensang upisyal ng US para sa ikatlong X-band *radar system* sa Asia, at natagpuan diumano ang isa may di-kalayuan sa baybayin ng Sarangani. Pagsapit ng 2015, may kabuuang 20 *off-shore radar system* na ang naitayo sa mga dagat ng Sulu at Celebes, at dagdag na apat may di-kalayuan sa baybayin ng Palawan, malapit sa Scarborough Shoal. Sa taon ding iyon, isang "national coast watch center" ang itinayo ng kumpanyang US na Raytheon na nakumpleto gamit ang $20 milyon (P1 bilyon) pondo mula sa US.

Sa mas mababang antas, bukambibig din ni Trump ang parehong anti-teror na pananalita ng mga sinundan niyang presidente sa nakaraang dekada para isangkalan ito sa pagpupwesto ng mga tropa at kagamitang panggera sa iba't ibang bahagi ng mundo. Sa Pilipinas, pinairal ng US ang 600-kataong *special operations forces* sa Zamboanga, ang pinaniniwalaang pinakamalaking *anti-terror contingent* sa Pacific, sa loob ng halos 15 taon. Iniatras ang Operation Enduring Freedom matapos ang palpak na reyd laban sa Malaysian na "terorista" na si Zulkifli bin Hir (alias Marwan) sa Mamasapano, Maguindanao. Kinailangang muli ng isa pang palpak na "anti-terror" na reyd, ngayon naman laban sa lider ng Abu Sayyaf na si Isnilon Hapilon, para ituwid ng US ang itinuturing nitong "kahinaan" sa pagbawas ng mga *special operations* sa Pilipinas.

Matingkad ang pagtutok ng US sa Mindanao at Palawan para sa Operation Pacific Eagle. Aktibo nitong itinaguyod ang pagpulbos sa Marawi para maging isa muling potensyal na base. Maliban sa estratehiko ang pusisyon para makontrol ang mga karagatan sa rehiyon, makapagbibigay seguridad pa ito sa mga pang-ekonomyang interes ng US sa malalawak na komersyal na plantasyong multinasyunal, at sa 220,000-ektaryang Liguasan Marsh na may tinatantyang $580 bilyong halaga ng pondong *natural gas*.


Ipinapangako ng Pentagon na ang Operation Pacific Eagle ay magiging mas malaki at mas malawak. Maging mas malawak din ang pagtutol ng mamamayan lalo't tinukoy nitong target ang "radikalisasyon at marahas na ekstremismo," na sumasaklaw maging sa mga lehitimong grupo na nagtatanggol sa kanilang lupang ninuno at lumalaban para sa karapatan sa sariling pagpapasya. AB

## Pagbebenta ni Duterte ng soberanya ng bansa

LITAW ANG KAHUNGKAGAN ng kunwa'y independyenteng patakarang panlabas ng rehimeng US-Duterte nitong nakaraang mga linggo. Bukambibig ni Rodrigo Duterte ang pagtatanggol sa soberanya ng Pilipinas, laluna laban sa mga bansang nagpahayag ng pagkabahala at pagtutol sa kanyang "gera kontra-droga." Pero kasabay nito, kaliwa't kanang pumapasok ang kanyang mga alipures sa di-pantay na mga kasunduan sa kalakalan at militar na buong-buong nagsusubasta ng likas na yaman at lakas paggawa ng mamamayan.

Noong Enero, umani ng matinding batikos ang rehimen nang ipagtanggol nito ang diumano'y pannanaliksik ng mga barkong Chinese sa Benham Rise, isang soberanong teroritoryo ng Pilipinas. Ayon sa mga makabayang syentista ng AGHAM, hindi totoo na walang kakayahan ang Pilipinas para manaliksik sa lugar, katulad ng idinahilan ng tagapagsalita ng rehimen na si Harry Roque. Ayon naman kay Roilo Golez ng P1NAS, maaaring hindi lamang syentipikong pananaliksik ang ginagawa ng mga Chinese, kundi naghahanap ng mga pwestong paborable sa kanilang mga submarinong pandigma. Sa harap ng mga kritisismong ito, napilitan si Duterte na ipag-utos ang pag-alis ng lahat ng dayuhang mga barko sa teritoryo, pero matapos lamang umalis ang mga barkong Chinese. Ang Benham Rise ay isang 13,000 milyong ektaryang erya sa karagatan katapat ng mga prubinsya ng Aurora at Isabela. Mayaman ito sa *natural gas* at mga mineral, gayundin ng iba-ibang rekursong dagat.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, lalong dumami pa ang mga istrukturang itinayo ng China sa mga soberanong teritoryo ng Pilipinas. Kabilang dito ang malalaking *hangar* (garahe para sa mga eroplano) sa tabi ng mga paliparan, mga pasilidad pang-*radar* at komunikasyon at iba pang istrukturang militar sa Fiery Cross, Subi at Mischief Reefs sa grupo ng isla sa Spratly, at gayundin sa kulumpon ng mga isla sa Paracels. Sinaklaw nito ang 290,000 kwadrado kilometro sa katapusan ng 2017, mula sa 180,000 kwadrado kilometro noong sa 2016. Pinabulaanan nito ang pahayag ni Roque na dati nang



nakatayo ang naturang mga istruktura bago pa man naging presidente si Duterte.

Batid ng mamamayan na ang lantarang pagbebenta ni Duterte sa mga isla at teritoryo ng bansa sa South China Sea ay kapalit ng pagpapautang ng China ng bilyong pondo para sa kurakot ng kanyang pangkatin at engrandeng programang "Build, Build, Build" para sa kanyang pinapaborang mga kumprador.

Bago nito, buong yabang na tinanggihan ni Duterte noon ding Enero ang P2.4 bilyon ayuda mula sa European Union dahil sa hayag na kritisismo nito sa kanyang walang pakundangang pamamaslang sa ngalan ng "gera kontra-droga." Pero noong Disyembre 2017, nagkumahog si Duterte na pirmahan ang isang *free trade agreement* (FTA o kasunduan sa malayang kalakalan) sa pagitan ng Pilipinas at European Free Trade Association (EFTA) na magbibigay-laya sa pagpasok ng mga produkto at serbisyo mula blokeng ito sa lokal na pamilihan. Bibig- yang-laya din ng kasunduan ang pagpasok ng mga dayuhang manggagawa sa "lahat ng sektor ng serbisyo," sa kabila ng pagbabawal ng konstitusyon sa pag-empleyo ng mga di-Pilipino sa ilang propesyon. Pumirma din si Duterte ng hiwalay na kasunduan sa United Kingdom para payagang pumasok ang kanilang produktong karne kahit pa wala namang kakulangan ng suplay sa bansa. Liban dito, puspusan ang pagbubuo ng mga teknokrata ng rehimen para buuin ang isang kasunduan sa kalakalan na katanggap-tanggap sa EU pero nakapipinsala sa bansa.

Kasabay nito, hinahabol ni Duterte na makapagbuo ng katulad na mga kasunduan sa Russia, Australia, China at US. Komun sa lahat ng inaasam niyang mga kasunduan ang lubusang pagbubukas sa lokal na ekonomya at sektor ng paggawa sa dayuhang pandarambong. AB

# Pamilyang Duterte, korap sa kaibuturan

Isinuspinde ng rehimeng US-Duterte nitong Pebrero si Melchor Arthur Carandang, *overall deputy ombudsman* ni Ombudsman Conchita Carpio-Morales, dahil diumano sa maling paggamit at paglalabas niya ng pribado at palsipikadong mga dokumento. Ito ay kaugnay sa pagsasapubliko niya sa mga dokumento ng tagong yaman ng pamilyang Duterte na una nang isinawalat ni Sen. Antonio Trillanes.

Kasabay nito, kinasuhan ng di-pagbabayad ng buwis si Mark Taguba, ang Customs broker na nagsangkot kay Paolo Duterte at asawa ni Sara Duterte na si Manases Carpio sa ismagling ng shabu na nagkakahalaga ng P6.4 bilyon.

Ang mga hakbang na ito ay para parusahan ang mga nangahas magsiwalat ng kabulukan ng mga Duterte at pigilan ang sinumang mangangahas na magsalita laban sa kanila. Gayunpaman, hindi nito napipigilan ang tuluy-tuloy na pagsingaw ng baho ng kanilang pangungurakot ng bilyun-bilyon mula sa kaban ng bayan.

**Burukratikong kurakot**

Kamakailan, inilathala ng Vera Files ang di-deklaradong mga deposito at puhunan ng mag-amang Sara at Rodrigo Duterte habang sila ay meyor at bise-mayor ng Davao City. Ang impormasyong ito ay hango sa mga dokumento na isinumite ng dalawa sa Kongreso at idineklara nilang yaman sa kani-kanilang Statement of Assets, Liabilities and Net worth (SALN) sa parehong mga taon. Alinsunod sa pag-aaral ng Vera Files, hindi bababa sa P100 milyon ang posibleng hindi idineklara ng dalawa ayon sa mga transaksyon nito sa Bank of the Philippine Islands. Sangkot sa mga transaksyon ang kilalang mga *dummy* ng pamilya na sina Samuel Uy at iba pa nilang kaibigan. Ang naturang mga dokumento ay bahagi ng P2.2 bilyong kaso ng korapsyon na isinampa ni Trillanes sa Ombudsman at ngayon ay pinapaimbestigahan sa senado.

Noon pa ibinunyag ni Sen. Antonio Trillanes III ang korapsyon at tagong yaman ng pamilyang Duterte. Sa isinampa nitong reklamo sa tanggapan ng Ombudsman, aniya, may 11,000 'ghost employees' ang lokal na gubyerno ng Davao sa panahon ni Duterte, na tumanggap ng P708 milyon sa taong 2014 pa lamang. Inakusahan rin nitong may mga ari-arian ang mga Duterte na nagkakahalaga ng P200 milyon na hindi nakasaad sa kanilang SALN. Kabilang pa ang 41 ari-arian diumano ng pamilyang Duterte na hindi naiulat sa kanilang SALN. Isinalang na ng Commission on Audit noong 2015



ang 11,000 kontraktwal at *job order employees* ni Duterte noong siya'y meyor pa ng Davao. Ayon pa sa imbestigasyon ng COA, 3,253 lamang ang regular na kawani ni Duterte habang may mahigit 11,000 itong kontraktwal at *job order* na mga empleyado na direktang pinapasahod sa ilalim ng tanggapan ng meyor na walang anumang dokumento ng kanilang pagkaempleyo. Ang pondo diumano ay dumaan sa mga *bank account* ni Duterte at kanyang mga anak.

Bago muling sumambulat ang mga anomalya sa tagong mga deposito sa bangko ng mga Duterte, sumingaw ang pagkakasangkot ng Malacañang, sa pamamagitan ni Bong Go, kaugnay sa pagbili ng Combat Management System (inilalagay sa mga barkong pandigma para makakuha ng napapanahong kalagayan sa karagatan) ng Philippine Navy na nagkakahalaga ng P16 bilyon. Ito ay matapos tanggalin ng rehimen bilang hepe ng Philippine Navy si Vice Admiral Ronald Mercado na tumutol sa inirekomenda ni Go na pagbibigay ng kontrata sa Hanhwa Thales, isang kumpanyang Koreano.

**Pagpapayaman sa mga kontratang pampubliko**

Hindi lamang ang pamilya at malalapit na kaibigan ni Duterte ang sangkot sa isyu ng korapsyon at anomalya. Minamaniobra ni Duterte ang mga proseso at patakaran ng estado gamit ang tabing ng interes diumano ng publiko para pagbigyan ang interes ng kanyang pinakamalalapit na alyado at kroni at higit pang padaliin ang korapsyon sa kabang yaman ng mamamayan.

Nitong Enero 27, ipinahayag ni Duterte na ang mga proyekto ng kanyang gubyerno ay hindi na isasailalim sa *public bidding*. Sa halip, magbibigay na lamang ang mga pribadong kumpanya ng mga *unsolicited proposal* o mga planong nakaayon sa komersyal na interes ng mga ito, at papasok sa tinaguriang "Swiss challenge". Sa iskemang ito, tatanggap ang gubyerno ng ibang "bid" o mungkahi na tatapat o hihigit sa orihinal na *bid* ng mga kumpanyang naghapag ng kani-kanilang mungkahing proyekto. Dito, hindi na magiging bukas sa publiko ang *bidding* at buo itong kokontrolin ng mga ahensya na direktang nakapailalim sa pangulo. Kalakaran na ito sa Davao City kung saan kontrolado ni Sara Duterte ang lahat ng mapagkakakitaang proyekto ng lokal na gubyerno. Sa ganitong paraan masisiguro ng mga Duterte na makokopo nila ang kurakot, habang natitiyak na naibibigay sa pinakapinapaboran nilang mga kroni ang pinakamalalaking proyekto.

Isang halimbawa nito ang inianunsyo ni Duterte na paggawad ng multi-bilyong kontrata sa Philippine Airport Ground Support Solutions Inc. (PAGSSI) noong Enero 18. Nagkunwari pang galit si Duterte sa malawakang pagnanakaw ng mga istap ng MIASCOR, ang kumpanyang nagsisiguro sa serbisyo sa paliparan, sa mga pasahero ng Ninoy Aquino International Airport. Matapos niyang putulin ang kontrata sa MIASCOR, agad na umugong ang balitang ibibigay niya ang kontrata sa PAGSSI, isang kumpanyang pagmamay-ari ni Jeffrey Cheng, matalik na kaibigan ng alipures niyang si Pantaleon Alvarez.

Isa sa litaw na nakikinabang sa mahigpit na relasyon sa pamilyang Duterte ang negosyanteng si Dennis Uy. Mula nang maupo sa kapangyarihan si Duterte, mabilis na lumaki ang yaman ni Uy, may-ari ng Phoenix Petroleum at 2GO. Nitong nakaraang taon lamang, iginawad sa grupo ni Uy ang P62 bilyong reklamasyon sa bahagi ng Manila Bay sa Pasay. Inaasahan na rin na isa ito sa makikinabang sa *maintenance* at pagpapaandar ng itatayong Mindanao Railway na nagkakahalagang mahigit P31.54 bilyon.

**Huwad na kampanyang kontra-korapsyon**

Mula nakaraang taon, sunud-sunod ang pagpapatalsik ni Duterte sa mga upisyal ng kanyang gubyerno na may lampas 13 na byahe sa labas ng bansa. Gayunpaman, si Duterte, kanyang pamilya at samutsaring utusan ang may pinakamalaking gastos sa gayong mga byahe. Sa unang taon sa puwesto ay umabot na sa P386.2 milyon ang halaga ng kanyang mga byahe. Triple ito ng pinagsamang halaga ng byahe sa ibang bansa ng rehimeng Arroyo at Aquino. Kasa-kasama nito sa mga byahe ang kanyang mga barkada at kanilang mga asawa, kanyang mga anak, mga negosyante at iba pang upisyal ng gubyerno na wala namang partikular na trabaho trabaho o silbi sa mga byahe.

Malaking pagkakaiba ito sa ipinalalabas ng pamilyang Duterte na simpleng pamumuhay. Nitong nakaraang buwan pa nga ay nagdiwang ng *debut* ang apo niyang si Isabelle Duterte sa Peninsula Manila, sa gastos na mahigit P10 mil-yon para sa *pre-debut shoot* sa Malacañang at Australia, hindi bababa sa limang *gown*, pagkain, marangyang imbitasyon, at iba pa.

Dagdag dito, dinoble ni Duterte ang mga sahod para sa kanyang sarili, mga myembro ng kanyang gabinete, senador at kongresista para sa taong 2018. Ito ay dagdag sa P80 milyon at P200 milyon na dati nang tinatanggap ng mga kongresista at senador. AB

| | DEPOSITO SA BPI | RODRIGO-SARA DUTERTE SALN | HALAGA NA HINDI NAIULAT SA SALN |
|---|---|---|---|
| 2009 | ₱ 103,480,474.48 | 17,753,801.40 | 85,726,673.08 |
| 2011 | ₱ 106,581,919.36 | 21,554,044.92 | 85,027,874.44 |
| 2013 | ₱ 96,852,882.94 | 16,793,289.73 | 80,059,593.21 |
| 2014 | ₱ 96,852,832.94 | 17,646,732.62 | 79,206,100.32 |

*datos mula sa Vera Files

# Dengvaxia: Kurakot at kita ng estado at dambuhalang parmasya

Sa ngalan ng ganansya, inilagay ng Sanofi Pasteur, kasabwat ang reaksyunaryong estado, ang daan-daanlibong kabataan sa kapahamakan. Ito ang tunay na trahedya ng Dengvaxia, isang bakuna na pinaniniwalaang pumatay sa 26 Pilipinong bata mula nang turukan sila noong nakaraang taon.

Sa pinakahuling imbestigasyon ng Kongreso noong Pebrero 5 hinggil sa bakuna kontra-*dengue* na Dengvaxia, inilantad ng Gabriela Women's Party ang ilan sa mga naging epekto nito sa mga batang naturukan. Iniulat ng mga magulang ang pabalik-balik na mataas na lagnat, panghihina, pananakit ng tiyan, pagkahilo, pagbaba ng timbang, pamamantal, pagsusuka, paghina ng pandinig at paningin, at iba pa.

Isinisisi ang ganitong mga epekto sa kriminal na programang pagbakuna ng Dengvaxia sa tulak ng tagamanupaktura nitong Sanofi Pasteur at ng Department of Health (DOH) bago pa man mapatunayang ligtas at epektibo ang bakunang ito. Nang simulan ang programa noong Abril 2016 ay hindi pa tapos ang ikatlo at huling yugto ng pag-eeksperimento sa Dengvaxia at Setyembre 2017 pa nakatakdang makuha ang resulta ng mga pagsusuri. Sa kabila nito, umaabot sa kabuuang 870,000 estudyante mula 9-14 taong gulang, gayundin ang may 15,000 pulis, ang pinag-eksperimentuhan. Hindi ipinaalam sa mga magulang na ang Dengvaxia ay nasa yugto pa lamang ng pagsusuri. Hindi rin kinuha ang pahintulot ng ilang magulang na babakunahan ang kanilang mga menor-de-edad na anak.

Maliban sa mga ito, isang buwan bago ilarga ang programa ay nag-abiso ang mga internasyunal na mananaliksik na maaaring di-epektibo ang bakuna at maaaring maging mas mapanganib sa mga hindi pa nagkakaroon ng *dengue*. Naglabas din sa sumunod na mga buwan ng kahalintulad na mga pag-aaral ang iba pang sentro ng pananaliksik mula sa United Kingdom at Singapore. Gayunpaman, nagdesisyon pa rin ang DOH sa ilalim na ng pumalit na rehimeng Duterte na ipagpatuloy ang programa. Disyembre 2017 na lamang inihinto ng DOH ang pagbabakuna. Matapos nito, agad na bumaling ang Sanofi Pasteur sa India at iginiit na ipagpaliban na ang ikatlong yugto ng pag-eksperimento sa Dengvaxia at ilunsad na rin sa bansa ang parehong programang pagbabakuna.

**Kriminal na pag-eksperimento**

Bago pa man ang trahedyang likha ng Sanofi Pasteur, talamak na ang mga paglabag ng dambuhalang mga kumpanya sa makataong mga pamantayan hinggil sa mga *clinical trial* o pag-eksperimento sa tao ng mga pinauunlad na gamot. Halimbawa, noong maagang bahagi ng dekada 2000, inilista ng kumpanyang AstraZeneca (AZ) ang pagkaulyanin, depresyon at iba pa bilang mga sakit na nagagamot umano ng tableta para sa *psychosis* (sakit sa utak na kinakatangian ng baluktot na pag-unawa sa reyalidad) na Seroquel gayong walang isinagawang mga *clinical trial* para sa mga ito. Nagdulot ng seryosong mga segundaryong sakit ang maling pagtatatak ng AZ ng kanilang tableta. Nanuhol din ng duktor ang kumpanya upang magrekomenda ng naturang gamot.

Ang Pfizer naman noong 1996 ay nagsagawa ng *clinical trial* sa 200 batang Nigerian na may *meningitis*, nang walang pahintulot mula sa kanilang mga magulang. Labing-isa sa mga bata ang namatay, habang marami ang nagkaroon ng pinsala sa utak at naparalisa.

Patung-patong din ang mga kaso ng Sanofi tulad ng iskandalo ng *antibiotic* na Ketek noong 2007 kung saan inilihim ng kumpanya na peke ang isinagawang mga *clinical trial* sa US na nagresulta sa maraming kaso ng pagkasira ng atay ng pasyente at pagkamatay ng ilan. Marami ring kaso ng panunuhol ang Sanofi sa mga duktor sa iba't ibang bansa upang paboran ang inilalako nitong mga gamot.

Tumindi ang mapang-aping mga pamamaraang ito sa ilalim ng globalisasyon. Dahil sa tulak ng pagmaksimisa ng ganansya, inilipat ng mga dambuhalang kumpanya ang mga sinusubok na bagong gamot tungo sa mahihirap na bansa, partikular sa Asia, Africa at Latin America.

Sa mga bansang ito, napipilitan ang mga maysakit na pumaloob sa mga *clinical trial* dahil sa kawalan ng suportang medikal mula sa kani-kanilang gubyerno. Kalakhan ay mababa lamang ang pinag-aralan kung kaya't madaling nabubuyo ng mga duktor at ospital na kumikita sa bawat pasyenteng naipapaloob sa mga eksperimento. Sa isang pag-aaral, umaabot sa 80% ng mga pasyente mula sa mahihirap na bansa ang hindi pinaaalam ng katangian ng pinapaloobang *clinical trial*. Karamihan din sa mga *clinical trial* ay hindi ipinapakilala bilang mga eksperimento.

Malaking pakinabang sa mga kumpanya ng gamot ang korapsyong umiiral sa mahihirap na bansa. Sa kaso ng Sanofi, tinatayang malaking kikbak ang nakulimbat ng mga upisyal ng reaksyunaryong gubyerno sa P3.5 bilyong halaga ng programang bakuna sa Dengvaxia. (Kinuwestyon ng marami ang motibo ni dating DOH Sec. Janette Garin sa masugid nitong pagpanig sa Sanofi at pagbasura sa aplikasyon para sa bakuna kontra-*dengue* na batay sa

herbal na tanim na damong Maria.) Maliban dito ang suhol sa mga ahensyang sangkot sa pag-apruba ng eksperimentong bakuna, at sa umano'y mga "eksperto" upang magrekomenda pabor sa kumpanya. Sa kasagsagan ng iskandalo ng Sanofi at DOH, nagsalimbayan ang mga pahayag ng isang bagong-buong organisasyon ng mga duktor at matataas na upisyal at ahensya ng reaksyunaryong gubyerno na naglilinis sa pangalan ng Sanofi.

Malaki rin ang natitipid ng mga kumpanya sa gamot. Abereyds na $1 bilyon ang gastos sa pagpapaunlad ng bagong gamot at pagpasok nito sa pamilihan. Pinakamalaking bahagi ng mga gastusin ay napupunta sa mga *clinical trial*, laluna sa ikatlong yugto na siyang pinakamasaklaw at pinakaimportante. At dahil sa kumpetisyon, kailangang madaliin ang mga eksperimento, kaya't pumapabor sa mga kumpanya ng gamot ang daanlibong mahihirap na maysakit na handang tumanggap ng inaakalang lunas. Umaabot sa 50-60% ang natitipid ng mga kumpanya ng gamot sa mga *clinical trial* na isinasagawa sa mahihirap na bansa.

Sa Pilipinas, nagsimula noong 2005 ang pagdagsa ng mga *clinical trial* ng mga dambuhalang kumpanya sa gamot. Sa kasalukuyan, mayroong mahigit 900 *clinical trial* sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nangunguna ang AstraZeneca, Pfizer at Novartis sa mga may pinakamarami. Malaking bilang din ang ineeksperimentong mga gamot ng Merck at GlaxoSmith Klein. Pawang may mga kaso ng kriminal at di-makataong pamamaraan sa paglunsad ng mga *clinical trial* ang mga nabanggit.

Patuloy na nakaamba ang panganib sa kalusugan ng mamamayan hangga't lubog sa kahirapan ang bansa na sinasamantala ng dambuhalang mga kumpanyang nagpipista sa karamdaman. AB

# Pagpaslang, panggigipit at *crackdown* sa kilusang masa

Nitong nakaraang dalawang linggo, apat na magsasaka ang binaril ng mga elemento ng Armed Forces of the Philippines (AFP) habang libu-libong mga pamilya ang ipinailalim sa matinding militarisasyon, pandarahas at sapilitang pagpapalayas. Samantala, sunud-sunod ang pagkakaso at tangkang pag-aresto sa mga lider-progresibo sa kalunsuran sa serye ng *crackdown* sa hayag na kilusang masa.

**Pamamaslang**

Noong Enero 28, alas-10 ng umaga, binaril-patay ng mga mga ahente ng AFP si Ricky Olado, 30, isang Lumad na kasapi ng Kulamanon Lumadnong Panaghiusa (Tikulpa). Pinaslang si Olado habang namamasada sa Barangay Datu Ladayon sa Arakan, North Cotabato. Sugatan naman ang kanyang pasahero.

Noong Enero 22, binaril-patay din ng isang sundalo si Aniceto Lopez, Jr., pangkalahatang kalihim ng Kahugpungan sa mga Mag-uuma (Kasama)-Bukidnon sa Purok 3, Paitan, Quezon, Bukidnon. Kinilala ang suspek na si Ernesto Balopenios, isang elemento ng Philippine Marines. Bago nito, nakatanggap ng tawag si Lopez mula sa isang nagpakilalang pulis ng Bukidnon at pinapasuko siya bilang tagasuporta ng BHB.

Noon namang Enero 20, napaslang si James Flores, 33, kasapi ng Pederasyon sa Tanang Asosasyon sa mga Mag-uuma sa Agusan ug Davao (Pamulad) matapos barilin habang palabas siya sa isang pamilihan sa Tagum City. Matagal nang pinaparatangan ng AFP ang Pamulad na tagasuporta ng BHB.

Noong Enero 25, alas-7 ng gabi, binaril ng di-nakilalang kalalakihan si Arturo Colao, 56, residente ng Blanco, Balingasag, Misamis Oriental sa Puting Balas, bayan ng Talisayan. Dumadalo noon sa isang pagtitipon si Colao nang pagbabarilin siya ng mga nakasakay sa motorsiklo. Nakaligtas si Colao sa pamamaril. Isa siyang organisador at lider sa probinsya ng Misamis Oriental Farmers Association (MOFA). Ikaapat na ito sa mga serye ng pagtatangka sa kanyang buhay, na nagsimula noong Abril 22 at Mayo 1, 2017, at noong Enero 5.

**Militarisasyon at sapilitang pagpapalikas**

Mahigit 100 estudyanteng Lumad, istap sa eskwelahan at 246 na pamilya ang muling nagbakwit noong Enero 29 dulot ng nagpapatuloy na panggigipit ng mga sundalo ng 75th IB. Hindi bababa sa 161 pamilya o 758 indibidwal mula sa 12 komunidad sa mga bayan ng Lianga at San Agustin ang lumikas tungo sa katabing barangay sa Km. 9, Barangay Diatagon, Surigao del Sur dahil sa matinding militarisasyon na nagsimula pa noong Enero 8. Umaabot rin sa 10 kaso ng pananakot at pagbabanta ang naitala ng Kahugpungan sa mga Lumadnong Organisasyon (Kasalo)-Caraga mula nang mag-umpisa ang operasyong militar. Ayon sa Kasalo, ginagawa ito upang makapagsimula na ang mga kumpanya ng pagmimina at plantasyon ng operasyon sa kanilang lupang ninuno.

Ilang araw matapos nito, nasabugan ng bala ng M203 ang tatlong bata sa isang bahay katabi ng *patrol base* ng 75th IB sa Purok 6, Sityo Neptune sa parehong barangay. Agad na namatay sina Renz Galdiano, 3, Reden Galdiano, 1, at Rynna Tiu, 12. Inamin ng kapitan ng mga sundalo na malamang na pinaglaruan ng mga bata ang bala na napulot nila malapit sa *patrol base*. Muling inilalarawan ng pangyayaring ito kung bakit tumututol ang mamamayan sa pagtatayo ng kampo militar sa gitna ng kabahayan ng baryo.

Noong Enero 21, inokupa ng mga militar ang mga *barangay hall* ng Tamucco at Balagan sa Sto. Niño, Cagayan. Datu nang nagpetisyon ang nabanggit na mga barangay noong 2017 laban sa planong pagtatayo ng kampo ng militar sa lugar. Matinding takot ang nararanasan ng mga residente dahil posibleng aksidente silang mabaril habang nagpapatrulya ang mga militar lalo na kung lumalabas sila sa bukid ng madaling araw at gabi na umuuwi.

Sa Maynila, marahas na binuwag noong Enero 30 ang tatlong buwang Homeless Camp sa Mendiola ng mga residente ng Floodway, Pasig. Pinangunahan ng Manila Police District, ayon na rin sa kautusan ni Mayor Joseph Estrada ng Maynila, ang pagbuwag dito. Sa parehong araw, tinangkang idemolis ang Sitio 6 Dumpsite, Catmon sa Malabon.

**Pagdukot, iligal na pag-aresto at panggigipit**

Matapos ang *relief operation* ng Samahan han Gudti nga Parag-uma ha Sinirangan Bisayas (Sagupa-SB) sa Alang-alang, Leyte noong Enero 30, sapilitang hiningi ni Alex Mendoza, myembro ng 78th IB ang listahan ng mga nakatanggap ng ayuda mula sa mga organisasyon habang hinahanap ang tatlong lider-magsasaka na kasapi ng Alang-alang Small Farmers Association (ASFA). Nagbanta pa si Mendoza na matutulad sa Marawi ang kanilang lugar kung magpapatuloy ang ugnayan nito sa mga progresibong organisasyon.

Sa parehong araw, hinarang sa isang tsekpoynt ng Regional Public Safety Battalion sa Magapit, Lal-lo, Cagayan ang labing-isang magsasakang taga-Zinundungan Valley, Rizal, Cagayan habang pauwi mula sa lamay ng isa sa mga pinaslang ng AFP at PNP sa Tarlac na si Lolito Raza. Ininteroga sila ng militar at hinalughog ang kanilang mga gamit. Pinaslang si Raza at ang kasama niyang si Victorio Tesorio noong Enero 24 sa San Manuel, Tarlac. Kapwa retirado nang mga Pulang mandirigma ang dalawa na naninirahan sa lugar bilang mga sibilyan.

Noong Enero 25, pinasok ng mga elemento ng 730th Philippine Air Force ang komunidad ng Barangay Quisumbing, Calaca, Batangas. Lumikha ito ng takot at ligalig sa mga residente. Matatandaan na noong Disyembre 23, 2017 binaril ng isang myembro ng CAFGU si Moises Hernandez, isang lider-magsasaka sa lugar.

Noon namang Enero 23, sapilitang isinama ng pinaniniwalaang mga sundalo si Jorimar Japitan, 20, residente ng Barangay Magangit, Maco, Compostela Valley. Si Japitan ay nakadetine ngayon sa kampo ng 71st IB sa Mawab kahit walang isinampang kaso laban sa kanya. Wala ring ipinakitang mandamyento de aresto sa kanya noong siya'y inaresto.

***Crackdown* sa ligal na kilusang masa**

Isang araw matapos ideklara ni Duterte ang "crackdown" sa mga ligal na organisasyon noong Enero 31, sinampahan ng kaso sina Vencer Crisostomo, tagapangulo ng Anakbayan at ang *secretary general* nitong si Einstein Recedes, gayundin sina Bayan Muna (BM) Rep. Carlos Zarate, mga dating BM Rep. Neri Colmenares at Teddy Casiño, Roberto de Castro ng KMU at Renato Reyes ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan). Naglabas ang City Prosecutor ng Maynila ng *subpoena* laban sa anim para umano sa kasong pananakit, *resistance and disobedience to a person in authority* at paglabag sa Public Assembly Act of 1995 kaugnay sa inilunsad na protestang anti-Trump noong Nobyembre 13, 2017.

Bago nito, tinangkang arestuhin noong Enero 29 sa bisa ng pekeng mandamyento si Joselyn Martinez, tagapangulo ng ACT-National Capital Region. Tatlong nakasuot-sibilyang pulis ang nagtungo sa Imelda Elementary School, Malabon City upang arestuhin siya.

Sa Davao City, tuluy-tuloy ang panawagan ng AFP na "sumurender" na sina Sheena Duazo ng Bayan-SMR at Hanimay Suazo ng Karapatan-SMR sa gawa-gawang mga kaso ng *kidnapping* at *serious illegal detention.*

Sa Compostela Valley, tinipon ng mga sundalo mula sa 66th at 25th IB ang mga residente ng Sityo Pogi sa Barangay San Miguel noong Enero 29. Binantaan ng mga sundalo na ipahuhuli at ipapapatay ang mga lider ng tinaguriang 'legal fronts' ng mga ito. Nagpakita ang mga sundalo ng listahan ng mga inaakusahan nitong sikretong kasapi ng PKP at BHB. Kabilang dito sina sina Roland Cobrado, Perlita Milallos at Elmer Atamosa, mga lider-manggagawa ng Shinsun Tropical Fruits Corporation at Sumifru Philippines, Corporation. Sinabihan silang "sumuko" sa loob ng tatlong araw at kung hindi, papatayin sila ng mga sundalo.

Noong Enero 26, pinuntahan ng PNP-Tagum City sa pangunguna ni Col. Laude ang mga magsasaka na benepisyaryo ng Nagkahiusang Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc. Napilitang umalis si Laude matapos igiit ng mga magsasaka ang kanilang karapatan at ligal na pag-aari alinsunod sa maraming serye ng dayalogo kaharap ang Department of Agrarian Reform. Namataan din sa lugar ang mga tauhan ng Lapanday Foods Corporation.

Noong Enero 27, binantaan ng mga gawa-gawang kaso ng mga sundalo ng 59th IB si Andres Dela Cruz, 54, residente ng Barangay Pacabit, Catanauan, Quezon. Si Dela Cruz ay lider-magsasaka at tagapangulo ng Pinagkaisang Lakas ng Magbubukid sa Quezon.

Naglabas naman ng memorandum ang Human Resource Management ng National Food Authority (NFA) hinggil sa kanilang 'affiliation' sa AFP noong Enero 18. Sa 200-054 FORM na mula sa General Headquarters ng AFP, inoobliga ang mga empleyado na maglagay ng impormasyon tungkol sa personal na bakgrawnd, kasaysayan sa pagtatrabaho, tirahan, mga organisasyong kinabibilangan, mapa ng kanilang lugar na tinitirahan, mga ibang lugar na pinagtigilan, ibang bansang pinuntahan, at iba pa. AB

# Mga protesta ng mamamayan

Magiting na hinaharap ng iba't ibang sektor ang tuluy-tuloy na atake ng rehimeng US-Duterte sa kanilang mga kagalingan. Mga protesta ang sagot nila sa tumitinding mga pagpapahirap na dulot ng rehimen.

***Walkout* ng mga estudyante.** Inilunsad ng mga estudyante sa iba't ibang eskwelahan sa bansa noong Pebrero 1 ang *nationwide walk out* bilang protesta laban sa tiraniya at bantang diktadura ni Rodrigo Duterte, gayundin ang pahirap na programang buwis ng kanyang rehimen. Sa Metro Manila, kabilang sa mga lumabas sa kanilang mga klase ay ang mga mag-aaral mula sa UP (Diliman at Manila), PUP, University of the East at UST. Nagkaroon din ng mga *walk out* at iba pang pagkilos sa Bulacan State University, UP Los Baños, UP Mindanao, West Visayas State University, St. Louis University at iba pa.

Bago nito, naglunsad ng magkasunod na pagkilos noong Enero 23 at 24 ang mga estudyante upang ipanawagan ang libre at dekalidad na edukasyon para sa lahat. Unang ginanap ang "candle lighting" sa PUP Sta. Mesa at sinundan kinabukasan ng protesta sa harap ng upisina ng Commission on Higher Education.

**Mga protestang manggagawa.** Noong Enero 31, naglunsad ng aksyon ang mga manggagawa at myembro ng unyon ng COKE FEMSA sa harap ng upisina ng kumpanya sa Ilagan, Isabela. Ipinrotesta nila ang planong pagtanggal sa humigit-kumulang 600 empleyado. Ayon sa mga upisyal ng unyon, paglabag ito sa kanilang mga karapatan hindi lamang bilang mga unyonista kundi bilang mga manggagawa batay sa *labor code* ng Pilipinas.




Noon namang Enero 29, sumugod sa pambansang tanggapan ng DOLE sa Maynila ang mga manggagawa ng Central Luzon mula sa Hanjin Shipyard, Dong In Entech K1, Mighty Corporation, Subic Bay Metropolitan Authority at Mighty Food Ventures kasama ang All Workers Alliance. Ipinanawagan nilang ibasura ang Department Order 174 na nagpapatuloy sa kontraktwalisasyon.

Samantala, bilang pakikiisa sa paggiit ng hustisya para sa mga manggagawang namatay sa sunog sa NCCC mall sa Davao City, nagsindi ng kandila ang mga myembro ng BPO Industry Employees' Network (BIEN) at Institute for Occupational Health and Safety Development sa simbahan ng Quiapo sa Maynila noong Enero 24. Kasabay din nilang ginunita ang unang taon matapos ang sunog sa House Technology Industries sa Cavite. Ayon sa BIEN, wala pa ni isang nasasampahan o napapanagot sa naturang mga trahedya. Sa Davao City ay nagpiket din ang Kilusang Mayo Uno sa labas ng nasunog na mall.

**Pagkilos ng mga guro.** Naglunsad ng protesta ang Alliance of Concerned Teachers (ACT) noong Enero 26 sa harap ng opisina ng Department of Budget and Management (DBM) sa Bulua, Cagayan de Oro City upang isulong ang pagpapataas ng kanilang sahod. Ayon kay Ophelia Tabacon, presidente ng ACT-Northern Mindanao, magsasagawa sila ng kampanya sa pagpirma na ipapasa sa lahat ng mga guro sa rehiyon upang patibayin ang kanilang iginigiit. Nakiisa naman ang mga guro sa Lunugan Elementary School sa Valencia, Bukidnon sa pamamagitan ng pagsusuot ng itim na armband.

**Kampuhan at paggunita sa Masaker sa Mendiola.** Mula Enero 24-27, naglunsad ng kampuhan ang mga magsasaka ng Sityo Centro, Barangay Tuhian, Catanauan sa Quezon. Ang kampuhan ay itinayo sa pagtutulungan ng PIGLAS, CLAIM at Anakpawis. Sa huling araw ng kampuhan, nag-ikot ang mga magsasaka sa mga karatig na barangay upang ipanawagan ang pagbuwag sa mga asyenda at libreng pamamahagi ng lupa.

Noong Enero 22, ginunita ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa pamamagitan ng kilos-protesta ang ika-31 anibersaryo ng masaker sa Mendiola. Giit ng mga magsasaka ang hustisya, tunay na reporma sa lupa at tunay na pagbabagong panlipunan. Binatikos din ng KMP ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion ni Duterte.

Sa naturang rali, ipinanawagan din ng KMP ang paglaban sa pagtatayo ng Clark Green City sa Central Luzon na magpapalayas sa halos 20 libong pamilyang magsasaka at katutubong Aeta sa 12 barangay sa hangganan ng Pampanga at Tarlac.

Nagkaroon din ng mga protestang paggunita sa Southern Mindanao, Negros, Bikol at Southern Tagalog. Kinundena sa mga raling ito ang nagpapatuloy na mga pampulitikang pamamaslang kung saan karamihan ng mga biktima ay magsasaka.

**Suporta sa migrante**. Noong Enero 25, nagsagawa ng piket-protesta at apela sa Korte Suprema ang mga sumusuporta sa biktima ng *human trafficking* na si Mary Jane Veloso. Sa pangunguna ng Migrante, hiniling nila na payagan siyang magsalita ng kanyang panig. Nagpiket din sa Nueva Ecija ang mga myembro ng Migrante International, Church Task Force to Save Mary Jane, Churches Witnessing with Migrants at St. John Neumann Migrants Center. AB